



Edad 3+ taon
Pinong galaw



Pag-uuri ng mga bagay

Mga Materyales

Isang bandeha kung saan nakalagay ang isang helera ng dalawa o tatlong maliit na lagayan (walang laman) at isang mas malaking lagayan (kalahating puno ng tatlong uri ng mga buto). Takip sa mata (opsyonal).

Hakbangin

Anyayahan ang bata na tumungo sa lagayan ng bandeha (na may materyales sa pag-uuri). Ipakita paano dalhin ang bandeha sa mesa. Umupo sa tabi ng bata (sa kanang bahagi). Hilingin sa bata na panoorin muna ang iyong gagawin (mabuting ilagay ng bata ang kanyang kamay sa kanyang kandungan habang nanunuod sa iyong ginagawa).

Marahan at maingat na ipakita paano mo ginagamit ang iyong mga mata sa pagsusuri ng mga buto sa malaking lagayan. Pumili ng isang buto at maglaan ng ilang sandali upang tingnan, damhin, at hawakan ito. Ilagay ang buto sa maliit na lagayan (ang unang lagayan mula sa kaliwa). Sunod na pumili ng ibang buto at ilagay ito sa maliit na lagayan (ang pangalawang lagayan mula sa kaliwa). Muling kumuha ng buto na pareho nito at ilagay sa lagayan. Kumuha ng buto (ang ikatlong uri) at ilagay ito sa ikatlong lagayan mula sa kaliwa.

Ngayon ay kumuha ng kahit anumang buto mula sa malaking lagayan at marahan na ilagay ito sa maliit na lagayan na naglalaman ng katulad na buto. Sa puntong ito, maaari mong tanungin ang bata kung nais nya subukan mag-uri. Salitan o hayaan ang bata na pagbukurin ang lahat na mga buto mula sa malaking lagayan. Matapos ilagay ang lahat ng buto sa kanya kanyang maliit na lagayan, ipakita sa bata kung paano marahang ibuhos ang mga buto pabalik sa malaking lagayan. Sa huli, ipakita sa bata paano ibalik ang bandeha sa istante.

Iba pang maaaring gawin:

1. Kung ang mapagkukunan ng materyales ay limitado, ang bandeha ay maaaring maglaman lamang ng isang lagayan. Ang mga buto ay maaaring ihanay sa pangkat sa sahig, mesa, o banig.
2. Para sa dagdag na hamon, isa sa dalawang bata ay maaaring magsuot ng piring habang ang isang bata ay nag-aabot sa kanya ng buto na uuriin.

Direktang Layunin

- Refinement of the senses.



Iba pang Layunin

- Pag-unlad ng focus, konsentrasyon at pangunahing kasanayan sa pagkakategorya.



Kontrol sa Pagkakamali

- Visual, kapag ang mga buto sa isang grupo ay hindi magkapareho.



Punto ng Kamalayan

- Magandang kabuuang anyo ng mga materyales.



Edad

- Tatlong taon hanggang limang taong gulang.